

# Pagbuo ng Modyul 1 para sa Special Filipino Beginners' Program sa Baitang 7 ng DLSU Integrated School

**Princess Gissel Dionela-Servo**

De La Salle University–Laguna Campus

## ABSTRAK

Nilalayan ng papel na ito na masagot ang sumusunod na mga tanong: (1) Paano ang pagbuo ng modyul para sa *Special Filipino (Beginners' Program)* batay sa prinsipyo ni David Wilkins?; (2) Ano-ano ang mga pangangailangan ng mga banyagang mag-aaral ng wikang Filipino bilang pangalawang wika?; (3) Ano ang mga tema at paksang dapat lamanin ng modyul para sa *Beginners' Program*?; at (4) Paano isinagawa ang pagtataya sa pagbuo ng modyul?

Sa nabuong modyul, hindi lamang ang kulturang Pilipino ang nakilala ng mga banyaga kundi pati na rin ang kamalayan sa bisyon at misyon ng Pamantasang De La Salle dahil sa paglalakip sa mga gawain ng *Expected Lasallian Graduate Attributes (ELGA)*. Masasabing matagumpay ang isang likhang modyul kung sumailalim ito sa isang masusing proseso ng ebalwasyon at natitiyak ang ang kawastuan ng nilalaman, pedagohiya at ang kabuuang anyo ng modyul.

**Mga Susing Salita:** *modyul, Special Filipino Beginners' Program, pagtataya, ELGA, epektibong pagtuturo.*

## Panimula

Ang *Special Filipino Module 1 (Beginner's Program)* ay nilikha para sa mag-aaral na banyaga o mga Pilipinong lumaki sa ibang bansa na hindi marunong magsalita ng wikang Filipino. Ang dinesenyong modyul ay may layuning linangin ang 5 makrong kasanayan sa wika, ang Pagsasalita, Pagbasa, Pagsulat, Pakikinig, at Panonood. Layunin din ng modyul na linangin ang kalamalayan ng mga banyagang mag-aaral sa pagkilala ng kulturang Pilipino upang higit nilang makilala ang Pilipinas bilang kanilang pangalawang tahanan. At bilang isang Lasalyano, nilalaman din ng modyul ang bisyon at misyon at ang ELGA o ang *Expected Lasallian Graduates Attributes* upang lalong mapagtibay ang identidad ng bawat Lasalyanong mag-aaral.

**Talahanayan 1:** *Expected Lasallian Graduates Attributes* (ELGA) ng DLSU

<i>Expected Lasallian Graduate Attributes (ELGAs)</i>	Ako ay isang Lasalyano na:	<i>Allied Values</i>
<i>Effective Communicator</i>	nakapagpapahayag nang malinaw, may damdamin at may tiwala sa sarili sa aking kapuwa.	<ul style="list-style-type: none"><li>● pagiging magalang</li><li>● may tiwala sa sarili</li><li>● tapat/may integridad</li></ul>
<i>Critical and Creative Thinker</i>	pinag-iisipang mabuti ang gagawin bago kumilos	<ul style="list-style-type: none"><li>● may disiplina</li><li>● laging positibo</li><li>● handa sa pagbabago</li></ul>
<i>Environmental Steward</i>	tagapangasiwa ng kalikasan	<ul style="list-style-type: none"><li>● simple</li><li>● mapamaraan</li><li>● malinis</li><li>● organisado</li></ul>
<i>Reflective Lifelong Learner</i>	laging handang baguhin ang sarili upang maging mabuting tao	<ul style="list-style-type: none"><li>● mahinahon</li><li>● may determinasyon</li><li>● mahusay</li></ul>
<i>Service-Driven Citizen</i>	nagmamalasakit sa aking kapuwa	<ul style="list-style-type: none"><li>● nagmamalasakit</li><li>● naglilingkod</li><li>● ginagampanan ang tungkulin sa lipunan</li></ul>

Ang mga mag-aaral na nasa ilalim ng *Special Filipino Program* ng De La Salle – IS ay kailangang dumaan sa iba't ibang pagtataya tulad ng pagkuha ng paunang pagsusulit o *pretest* at interbyu ng guro at koordineytor sa Filipino upang masukat ang kanilang kaalaman at maihanay sa tamang modyul na kinakailangan.

May tatlong pamantayang sinusunod sa pagpasok ng mga mag-aaral sa *Special Filipino* na nalikha noon pang taong 2006. Ang mga mag-aaral ay kailangang: (1) Mga dayuhang mag-aaral na hindi makapagsalita at makaunawa ng wikang Filipino. (2) Mga mag-aaral na Pilipinong nanirahan sa ibang bansa na hindi makapagsalita makaunawa ng wikang Filipino. (2) Mga mag-aaral na Pilipinong nakatira sa Pilipinas ngunit hindi makapagsalita at makaunawa ng wikang Filipino sapagkat Ingles, Mandarin, at iba pang

banyagang wika ang ginagamit sa tahanan. Kailangan din ng rekomendasyon ng guro sa Filipino ayon sa resulta ng pagtataya bago makapasok sa *Special Filipino* ang banyagang mag-aaral.

### **Mga Kaugnay na Literatura**

Malinaw na malaki ang maitutulong ng pagkatuto sa pangalawang wika kung ito ay isinasapraktika sa araw-araw. Kaya naman, isa sa mga pangunahing naging batayan ng mananaliksik sa pagpili ng mga paksa na ituturo sa mga mag-aaral ay ang mga pangunahin o madalas na ginagamit sa pakikipagtalastasan.

Mula sa artikulo ni Ricardo E. Schutz na pinamagatang "*Stephen Krashen's Theory of Second Language Acquisition*," winika ni Krashen na,

*"Acquisition requires meaningful interaction in the target language – natural communication- in which speakers are concerned not with the form of their utterances but with the messages they are conveying and understanding."*

Dagdag pa sa nilalaman ng artikulo ni Schutz, may naitalang limang haypotesis sa teorya ni Krashen sa pagtatamo ng pagkatuto sa pangalawang wika. Ito ay ang sumusunod: (1) *Acquisition – Learning hypothesis*, (2) *Monitor hypothesis*, (3) *Input hypothesis*, (4) *Affective Filter hypothesis*, at (5) *Natural Order hypothesis*.

Ang *Acquisition-Learning Hypothesis* ay itinuturing na pinakapangunahin sa limang ibinigay na haypotesis sa teorya ni Krashen. Ito rin ang pinakatanyag sa mga guro at lingguwista. Ayon kay Krashen mayroong dalawang independiyenteng sistema ng pagganap ng wikang banyaga ito ay ang *acquired system* at ang *learned system*. Ang *acquired system* o *acquisition* ay produkto ng isang *subconscious* na proseso na halos kapareho sa prosesong dinaranas ng mga bata kapag nakuha nila ang kanilang unang wika. Nangangailangan ito ng makabuluhang interaksyon sa *target* na wika – natural na komunikasyon kung saan ang mga nagsasalita ay nakatuon hindi sa anyo ng kanilang binibigkas kundi sa komunikatibong paraan. Produkto naman ang *learned system* ng pormal na pagtuturo at ito ay binubuo ng isang mulat na proseso na nagreresulta sa mulat na kaalaman tungkol sa wika, halimbawa nito ay ang kaalaman sa tuntunin sa gramatika. Dagdag pa ni Krashen na, "*learning is less important than acquisition*."

Ipalaliliwanag ng hypothesis ng Monitor ang kaugnayan sa pagitan ng pagkuha at pagkatuto at tinutukoy ang impluwensiya ng huli sa una. Ang *monitoring function* ay ang praktikal na resulta ng natutuhang gramatika. Ayon kay Krashen, ang *acquisition system* ay ang *utterance initiator*, habang ang *learning system* ay gumaganap bilang "*monitor*" o ang "*editor*." Ang "*monitor*" ay kumikilos sa isang pagpapalano, pag-edit at pagwawasto ng

*function* kapag ang tatlong partikular na kondisyon ay natugunan: 1.) ang nag-aaral ng pangalawang wika ay may sapat na oras sa pagkatuto, 2.) nakatuon sa anyo o iniisip sa kawastuhan, at 3.) alam ang panuntunan.

Lumilitaw na ang papel ng malay na pag-aaral ay hindi gaanong limitado sa pagganap ng pangalawang wika. Ayon kay Krashen, ang papel ng “*monitor*” ay maliit, na ginagamit lamang upang iwasto ang mga paglihis mula sa *normal* na pagsasalita at magbigay ng mainam at katanggap-tanggap na pananalita.

Dagdag pa sa iminumungkahi ni Krashen na mayroong pagkakaiba-iba sa mga nag-aaral ng wika kaugnay sa paggamit ng “*monitor*.” Tinutukoy niya ang mga mag-aaral na gumagamit ng “*monitor*” sa lahat ng oras (mga *over-user*): yaong mga mag-aaral na hindi natuto o mas gustong hindi gamitin ang kanilang mulat na kaalaman (*under-users*) at ang mga mag-aaral na gumagamit ng “*monitor*” nang naaangkop (pinakamainam na mga gumagamit). Ang pagsusuri sa sikolohikal na profayl ng tao ay maaaring makatulong upang matukoy kung sa anong grupo sila kabilang. Kadalasan ang mga *extrovert* ay *under-users*, habang ang mga *introvert* at *perfectionist* ay *over-users*. Ang kawalan ng tiwala sa sarili ay madalas na nauugnay sa labis na paggamit ng “*monitor*.”

Ang *Input hypothesis* ay ang pagtatangka ni Krashen na ipaliwanag kung paano nakakukuha ang mag-aaral ng pangalawang wika - kung paano nagaganap ang pagkuha ng pangalawang wika. Nakatuon lamang ang *Input hypothesis* sa *acquisition*. Ayon sa *hypothesis* na ito, ang mag-aaral ay nagpapabuti at umuunlad sa natural na kaayusan kapag siya ay nakatanggap ng pangalawang wika na “*input*” na isang hakbang na lampas sa kaniyang kasalukuyang kakayahan sa lingguwistika.

Ang haypotesis ng *Affective Filter* ay naglalaman ng pananaw ni Krashen na ang ilang *affective variable* ay gumaganap bilang *facilitative*, ngunit hindi sanhi, sa pagkatuto ng pangalawang wika. Kabilang sa mga *variable* na ito ay ang sumusunod: pagganyak, tiwala sa sarili, pagkabalisa at mga katangian ng personalidad. Sinasabi ni Krashen na ang mga mag-aaral na may mataas na motibasyon, tiwala sa sarili, magandang imahen sa sarili, mababang antas ng pagkabalisa at *extroversion* ay mas mahusay para sa tagumpay sa pagkuha ng pangalawang wika.

Ang mababang motibasyon, mababang pagpapahalaga sa sarili, pagkabalisa, *introversion* at pagsugpo ay maaaring magpataas ng *affective filter* at bumuo ng *mental block* na pumipigil sa naiintindihan na *input* para sa *acquisition*. Sa madaling salita, kapag ang *filter* ay *umiiral*, ito ay humahadlang sa pagkuha ng wika. Sa kabilang banda, ang

positibong epekto ay kinakailangan, ngunit hindi ito magiging sapat para maganap ang *acquisition*.

Ang panghuli na sinasabing hindi ganoon kahalaga ay ang *Natural Order Hypothesis*, na batay sa mga natuklasan sa pananaliksik (Dulay & Burt, 1974; Fathman, 1975; Makino, 1980 na binanggit sa Krashen, 1987) na nagmungkahi na ang pagkuha ng mga estrukturang gramatika ay sumusunod sa isang natural na kaayusan na *predictable*. Para sa isang partikular na wika, ang ilang mga estruktura ng gramatika ay malamang na makuha nang maaga habang ang iba ay huli na. Ang pagkakasunud-sunod na ito ay tila independiyente sa edad ng mga mag-aaral, L1 background, mga kondisyon ng pagkakatulad, at bagaman ang kasunduan sa pagitan ng mga indibidwal na nakakuha ay hindi palaging 100% sa mga pag-aaral, may mga estadistikal na makabuluhang pagkakatulad na nagpatibay sa pagkakaroon ng *Natural Order* ng wika sa mangyayaring *acquisition*. Gayunpaman, itinuturo ni Krashen na ang implikasyon ng natural na pagkakasunud-sunod na haypotesis ay hindi nakabatay sa isang *language program syllabus* kundi dapat nakabatay sa pagkakasunud-sunod na makikita sa mga pag-aaral. Sa katunayan, hindi sinasang-ayunan ni Krashen ang *grammatical sequencing* kapag ang layunin ay ang *acquisition* ng wika.

May malaking impluwensiya rin sa pag-aaral ng wika CALL o ang Computer-Assisted Language Learning. Tumutukoy ang CALL sa paggamit ng kompyuter at teknolohiya sa edukasyon upang mapabuti ang karanasan ng mag-aaral sa pag-aaral. Kabilang sa mga kasangkapan ng CALL ay ang interaktibong *software*, mga online na kursong pangwika, mga app at maetryales na multi-media, (Freeman at Kern, w.p.)

Isinaad rin ni Dr. Ephraim Orara sa kaniyang disertasyon na “Development ng Kurikulum sa Websayt Gamit ang mga Piling Awiting Filipino sa Pagtuturo ng Filipino bilang Pangalawang Wika,” ang paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo ng wikang Filipino bilang pangalawang wika. Partikular ang paggamit ng iPad at pagsangguni sa iba’t ibang website. Inilahad rin niya ang kawili-wiling paggamit ng awit sa pag-aaral at pagtuturo ng kultura at wikang Filipino sa mga mag-aaral. Binaggit din niya ang pagsasaalang-alang sa interes ng mga mag-aaral sa paglinang ng mga aralin sa modyul nang sa gayon ay mahikayat silang gumawa at matuto.

Sa pagbuo pa rin ng modyul, sinundang ang sumusunod na simulain: 1.) ang mga gawain na ibinatay sa interes ng mga mag-aaral; 2.) ginamit ang teknolohiya sa pagtuturo tulad ng kompyuter o iPad gayundin ang pagbisita sa ilang *websites* tulad ng Youtube

upang pakinggan ang awiting Filipino; 3.) sa lahat ng mga gawain, laging isinasaalang-alang ang realistiko o makatotohanang pangyayari sa araw-araw na pangyayari sa buhay ng isang mag-aaral.

### **Mga Kaugnay na Pag-aaral sa Pagbuo ng Modyul**

Sa pagbuo ng modyul, kailangan mong pagdaanan ang isang masalimuot na proseso. Nakatuon ang pagbuo sa proseso at aktibidad na nakabatay sa pangangailangan at kaangkupan nito sa mga mag-aaral na nais matuto ng wika, makabuo ng layunin kung saan laging naisasaalang-alang ang pangangailangan ng mga mag-aaral. Ayon kay Ellosso (2000) sa kaniyang Tesis na pinamagatang "*Development of Genre-Based Syllabus for Business Correspondence for Computer Students of STI College*," ang silabus ay dapat binubuo ng sumusunod na mga bahagi: layunin, kahingian ng kurso, sistema ng pagmamarka, panggramatika at mga gawain, at aktibidad. Mula sa kaniyang disenyo, nakita ang iba't ibang prinsipyo na sinunod tulad ng: 1.) ang pagtuturo at silabus ay nararapat na magkaugnay, 2.) ang silabus ay kailangang nakasentro sa pangangailangan ng mga mag-aaral at ang panghuli, 3.) ang metodo na gagamitin ng guro ay dapat naaayon sa pangangailangan ng mga mag-aaral at hindi nakatali sa kung ano ang nilalaman ng silabus.

Mula naman sa aklat ni Barrios (2011) na pinamagatang "*Tagalog for Beginners: An Introduction to Filipino, The National Language of the Philippines*," ginamit niya ang isa sa pilosopiya ng pagkatuto at ito ang *differentiated instruction*. Isang dulog ito na kung saan gumagamit ang guro ng iba't ibang estratehiya, gawain at iba pa batay sa antas ng kaalaman at kahandaan ng mga mag-aaral na nais matuto ng wikang Tagalog bilang pangalawang wika. Ayon pa rin sa kaniya, maraming guro ang humarap sa matinding pagsubok kung paano ituturo ang wika sa kabila ng pagkakaiba-iba ng antas ng kaalaman ng mga mag-aaral kaya naman ginamit niya ang *differentiated instruction* upang tumugon sa pangangailangan ng mga mag-aaral.

Nagsisimula sa mga diyalogo ang *format* ng kaniyang aklat. Ayon pa rin kay Barrios, mas mainam na pag-aralan muna ang mga talasalitaan na nakasaad din sa kaniyang aklat bago basahin ang diyalogo. Ang mga diyalogo sa aklat ang magsisilbing mga gabay lamang, maaaring magpahayag batay sa inyong sariling paraan ng pagpapahayag mula sa ibinigay na sitwasyon. Alalahanin na ito ang magiging gabay ng bawat isa sa pagkatuto sa wikang Filipino. Magsisimula sa salita patungo sa parirala hanggang sa pagbuo na ng sariling pangungusap hanggang sa maintindihan ang aktuwal na diyalogo ang nilalaman ng kaniyang aklat.

Dagdag pa sa pagtuturo ng wika, hindi kinakailangang magbigay ng tuon sa dami ng alam na wikang naiintindihan kundi mas mahalagang bigyang tuon kung paano ito aangkop sa iba't ibang sitwasyon. Sa mga gawain na ibinigay ni Barrios, masasalamang ang *practical approach* na kaniyang ginamit. Sa pagbibigay ng isang realistikong pangyayari, makatutulong ito upang magamit hindi lamang sa loob ng klase bagkus sa pang-araw-araw na gawain sa kaniyang buhay. Sinasabi rin ni Barrios na ang paggamit ng "*authentic text*" ang isang daan para maisulong ang pangunahing layunin ng pag-aaral ng Filipino, ang maiangkla ang pagtuturo ng wika sa realidad, sa aktuwal na mga sitwasyon.

Ano ba ang *authentic text*? Ito ang paggamit ng mga salita o bagay na nangyayari sa realidad. Ang isa sa mga halimbawang ibinigay ni Barrios ay ang tamang paraan ng pag-order sa restawran kung saan gumamit siya ng salitang lumpia. Masasabing *authentic text* ang lumpia dahil ito naman talaga ang isa sa mga maaaring ma-order sa isang kainan o restawran. Ipinaliwanag din ni Barrios ang magagawa ng *authentic text* mula sa mga gawain na ibinigay niya sa kaniyang aklat: 1.) madagdagan ang kaalaman ng mga mag-aaral sa talasalitaan, 2.) patuloy na pagtataya sa kasanayan sa pag-unawa ng mga tekstong binasa, 3.) magsilbing pagtataya sa kabuoan ng pag-aaral at makapag-ambag ng kaalaman sa pagpapakilala sa kulturang mayroon ang Pilipinas.

Karagdagan pa, ang mga babasahin sa kaniyang aklat ay maghihikayat sa mga mag-aaral na gamitin ang mga awtentikong mga materyales tulad ng pahayagan, *blogs* na nakasulat sa wikang Filipino, napapanood sa mga telebisyon, at maging sa mga sinehan. Mula sa mga ito, matutuklasan na lamang na maaaring nakaunawa na ng 50-70% ng mga wika na ginagamit sa pang-araw-araw na pakikisalamuha sa loob at labas ng paaralan kung saan masasabing isang tagumpay. Dagdag pa niya, gumagamit siya ng mga simpleng salita na ginagamit ng mga pangkaraniwang tao sa kaniyang pagsulat tulad ng sanaysay, maikling kuwento, alamat, tula, liham at iba pa. Makikita sa mga pagsasanay ang paggamit niya ng mga banyagang salita na nakaangkla sa wikang Filipino. Halimbawa nito ay ang sumusunod: nag-*internet*, nag-*Facebook*, at iba pa. Sa huli sinabi niya na, "*learning a language can be challenging, but if you stop thinking of the language police (people who stop you midway through a sentence to correct your grammar), it can be fun!*"

Sa mahusay na pagpapalano ng kurikulum, silabus, at iba pang materyal na panturo sa wika at literatura, nabanggit ni Dubin at Olstain sa kaniyang aklat na "*Course Design Developing Programs and Materials for Language Learning*," ay magkakaroon ang isang mag-aaral ng kabihasaan kung mapupukaw ang interes ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng pangalawang wika. Sa binubuo namang modyul ng mananaliksik, nakapokus din sa pangkaasalan ngunit ito ay nakaangkla sa ELGA na bahagi ng bisyon at misyon ng La Salle.

## Ang Prinsipyo ni Wilkins sa Pagbuo ng mga Aralin Pangwika

Mula sa aklat ni Wilkins na may pamagat na "*Second-Language Learning and Teaching*" may tatlong prinsipyong metodolohikal na magagamit sa pagtuturo ng pangalawang wika. Una, kinakailangang malinaw ang layunin. Ito ay nararapat na nakaangkop sa kalagayan ng pagtuturo na kinakaharap ng guro. Ibig sabihin, inaasahan na aalamin ang uri ng kasanayan sa pag-aaral ng wika na pakikinabangan ng mga mag-aaral. Pangalawa, ang paglikha ng gawain na tutugon sa layunin. Kapag naibigay na at malinaw na ang layunin, handa na upang planuhin ang mga gawain na aangkop sa layunin at interes ng mga mag-aaral. Sa paglikha ng gawain nararapat lamang na napapanahon at mailalapat ng mga mag-aaral ang mga gawain sa pang-araw-araw na pangyayari sa kanyang buhay. Sa bahaging ito, masasalamang ang paniniwala ng mga *behaviourist* na "*we learn what we do*" o natututo tayo sa ginagawa natin. Ikatlo, ang aplikasyon ay nararapat lamang na hindi natin kalimutan na ang pinakamahalaga sa pag-aaral ng wika ay hindi lamang maisalin sa tamang salita o gramatika kundi maipahatid ang tunay na mensahe, pasulat man o pasalita. Ayon nga kay Wilkins, "*all language activity is language use, but in the process of using the child also learns* (82)."

Si David Wilkins ay isa sa mga lumikha ng isang napakahalagang silabus na naaayon sa *notional-functional*. Ayon kay Richards, binigyan ni Wilkins ng kahulugan ang *notional-functional* na silabus sa tatlong kategorya: (1) *semantic-grammatical meaning (including time and quantity)*, (2) *modal meaning (including an indication of the certainty and attitude of the speaker) at ang* (3) *communicative function (including requests, complaints, and compliments, among a vast array of others)* (37).

Mula kina Richards at Rodgers, tinukoy nila ang estruktura ng wika. Ayon sa kanila, *language is a system of structurally related elements for the coding of meaning*. Idinagdag pa nila na, *language is a vehicle for the expression of functional meaning* (21).

Itinala ang kalakasan at kahinaan ng *notional-functional* na silabus. Una, *Analytic o synthetic?* Sinubukan ni Wilkins na ihanay ang *notional-functional* silabus sa *analytic approach (exposure to raw language and subsequent induction of forms)* laban sa *synthetic approach (exposure to graded language and gradual accumulation of forms)*. Samantala, ang pagtatangka ni Wilkins ay sinalungat ni Richards. Ang *notional-functional* na silabus ay estruktural at nakitaan ng kahinaan bilang *synthetic* (38). Pangalawa, *Product o process based?* Kung bibigyan ng pagkakataon na bigyan ng kritisismo ang *structural* na silabus bilang isang produkto, ito ay naglalayong magbigay pokus sa kung ANO ang wika na natutuhan, na sa kabilang banda naman, nakapokus kung PAANO matututuhan ang wika. Ito ang isa sa mga kinakaharap na kritisismo ng *notional-functional* na silabus,




kung saan pinagsasama-sama ang talaan ng mga paksa na kailangang matutuhan kaysa sa paano matutuhan ang aralin. Pangatlo, *Pragmatic considerations*. Ayon kay Hedge, ang *structural* na silabus ay nangangailangan ng mahusay na pagpapalano, sistematiko at kailangang maramdamam ng mga mag-aaral ang kanilang katiwasayan sa pag-aaral (346). Dagdag pa niya, “if a structural syllabus and related course units make explicit use of grammatical concepts and categories, it enables learners to use formal strategies for acquiring language, such as analyzing the tense system (346).” Gayunpaman, dahil ang silabus ay *notional-functional*, ang paksa ay hindi nakaayos batay sa estruktura kundi sa *function* o gamit, ang mga kagayang pormal na estratehiya ay hindi kapaki-pakinabang, at mas mahirap para sa paglalihat o gamitin sa pagbuo ng pangungusap. Ikaapat, *Grading*. May mga umiiral na suliranin para sa *notional-functional* na silabus pagdating sa pagmamarka. Ang estruktural na silabus ay minamarkahan sa tradisyonal na paraan tulad ng sumusunod; (1) *frequency of occurrence*, (2) *linguistic complexity*, at ang (3) *natural order of acquisition*. Ikalima, *Needs Analysis*. Binigyang kahulugan ni Wilkins ang *needs analysis* bilang naayon sa dalawang pangunahing salita, ang mag-aaral at ang pangangailangan (1,2,3).

Sa nabuong modyul, malaki ang naging tulong ng prinsipyo ni Wilkins para gabayan ang mananaliksik sa paglikha. Nagkaroon ng malinaw na proseso kung paano lilikhain ang modyul sa tamang paraan. Mula sa mga nasaliksik, napagtanto ng mananaliksik ang magiging paraan ng pagbuo ng modyul at ito ay ang sumusunod; (1) pag-alam sa pangangailangan ng mga mag-aaral, (2) pagkilala sa mga target na gagamit ng modyul, (3) pagtukoy sa modelo sa pagbuo ng modyul, (4) pagsulat ng modyul, (5) at ang pagtataya.

Sa pagbuo, laging isinasaalang-alang ng mananaliksik ang mga mag-aaral na gagamit nito, kinakailangan na ang mga gawain, layunin at iba ay angkop at napapanahon upang mas mapukaw ang interes ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wikang Filipino bilang pangalawang wika. Hindi man naging madali ang naging proseso ngunit sa kabila ng lahat, ang modyul ay magsisilbing gabay at instrumento tungo sa epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral sa wikang Filipino.

### **Batayang Konseptuwal**

Ibinatay sa pagbuo ng modyul na ito ang prinsipyo ni David Arthur Wilkins mula sa kaniyang libro na may pamagat na “*Second Language Learning and Teaching*.” Ayon sa kaniya, hindi sapat ang kaalamang panggramatika upang magamit nang mabisa ang wika. Kailangang maisalang-alang ang mahahalagang bagay tulad ng angkop na sasabihin sa iba’t ibang sitwasyon o pangyayari, ang angkop na estratehiya sa pagsasabi ng ano, kanino, kailan at saan. Karagdagan pa rito, mahalaga ring maisama ang kultural na aspekto sa pag-unawa at pagbibigay-kahulugan sa sinasabi ng isang mag-aaral (82).



Mula kay Wilkins, may tatlong *methodological principles* na maaaring magamit sa pagtuturo ng pangalawang wika. Una, kailangang malinaw ang layunin. Ang layunin ay kailangang nakaangkop sa kalagayan ng pagtuturo na kinakaharap ng guro. Ikalawa, paglikha ng gawain na tutugon sa layunin. Dapat ito ay napapanahon at nailalapat ng mga mag-aaral ang mga gawain sa pang-araw-araw na pangyayari sa kaniyang buhay. Ikatlo, ang aplikasyon. Dapat lamang na hindi natin kalimutan na ang pinakamahalaga sa pag-aaral ng wika ay hindi lamang maisalin sa tamang salita o gramatika kundi maipahatid ang tunay na kahulugan ng nais sabihin o ipahatid, pasulat man o pasalita (82).

Maituturing na nakatulong ang kurikulum sa pagbuo ng mananaliksik ng modyul dahil ang mga paksain ay nakaugnay sa pang-araw-araw na nangyayari sa buhay at paligid ng mga mag-aaral. Idinagdag pa ng mananaliksik ang mga kasanayang pangwika, aspektong kultural, ELGA (*Expected Lasallian Graduates Attributes*), mga materyales na kakailanganin, estratehiya/gawain at mga ebalwasyon o pagtataya.

Ang kasanayang pangwika ay tumatalakay sa wastong paggamit ng wika sa pakikipagtalastasan, ito man ay pasulat o pasalita. Ang aspektong kultural naman ay nakapokus sa pagkilala sa kultura ng Pilipinas. Ang halimbawa nito ay ang paggamit ng po at opo sa pakikipag-usap sa mga matatanda at pagmamano. Ang ELGA naman ay bahagi ng bisyon at misyon ng mga Lasalyano kung saan inaasahan na sa pagtatapos ng bawat aralin ay makakamtan ang mga katangian na nakapaloob sa ELGA. Sa mga materyales naman, dito matatagpuan ang mga pamagat ng akda at aklat na ginamit sa bawat aralin. Ang estratehiya/gawain naman ay naglaman ng malinaw na daloy ng pagtalakay, mula sa

umpisa hanggang sa matapos ang aralin. At sa huli, sa ebalwasyon, dito naman sinusukat ang kaalamang natamo ng mga mag-aaral sa bawat aralin.

Naniniwala ang mananaiksik na malaki ang naitulong ng pagbuo modyul sa mga gurong nagtuturo ng *Special Filipino* Modyul 1, sa mga mag-aaral at sa buong institusyon dahil nagkaroon na malinaw na direksiyon ang programa.

Narito ang profayl ng mga banyagang mag-aaral na isinaalang-alang s pagbuo ng modyul.

**Talahanayan 2:** Lahi ng mga mag-aaral na nakatala sa progama ng *Special Filipino* Modyul 1

Lahi	Bilang ng mag-aaral
Koreano	6
Amerikano	2
Pilipino-Amerikano	7
Kabuoang bilang:	15

(b.) edad, 13 hanggang 14 ang gulang ng mga mag-aaral na nag-ebalweyt ng modyul ng mananaliksik; (c.) bago o dating mag-aaral (lahat ng mga mag-aaral ay mga bagong mag-aaral ng DLSU IS); (d.) Wikang ginagamit (lahat ng mag-aaral ay walang kaalaman sa pagsasalita o pag-unawa kahit kaunti sa wikang Filipino). Nabanggit sa unang bahagi na may 6 na Koreano at sa 6 na ito ay may 2 na hindi marunong magsalita at umunawa ng wikang Ingles kaya malaking hamon ito sa guro na magtuturo. Nagsilbing tagapagsalin ang isa sa mga kaklase rin niyang Koreano para makasunod siya sa mga aralin.

Ikalawa, pagkilala sa target na gagamit ng modyul. Ang mga mag-aaral na nasa ilalim ng *Special Filipino Program* ay kinakailangang dumaan sa proseso. Una, bibigyan ang mag-aaral ng *pre-test* o paunang pagtataya upang masukat ang kanyang kaalaman sa wikang Filipino. Pagkatapos nito, sasailaim sa isang interbyu ang mag-aaral sa pangunguna na koordineytor ng Filipino.

Ikatlo, pagtukoy sa prinsipyo sa pagbuo ng modyul. Ang modyul ay isa sa pinakamahalagang kagamitang panturo na naglalaman ng mga paksa na dinisensyo batay sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Ang mananaliksik ay bumuo ng isang modyul para sa mga dayuhang mag-aaral sa Baitang 7 ng *Special Filipino Program (Beginner's Program)* ng DLSU-IS na hinango sa prinsipyo ni David Arthur Wilkins.

Ikaapat, ang pagsulat ng modyul. Mula sa mga paksang hinango sa *Language Ab Initio ng International Baccalaureate Organization* (IB) at sa naihanay na mga pangangailangan ng mga mag-aaral ay nagsulat na ng isang modyul ang mananaliksik. Ang modyul ay binuo ng mananaliksik na may apat na pangkalahatang paksa na may mga *sub-topic* na ituturo sa loob ng 3 oras sa bawat linggo. Sa pagsulat ng modyul ng mananaliksik, isinunod ito sa balangkas ng silabus na nabuo. Ang nilalaman ng modyul ay ang mga sumusunod; (1) Paksa; (2) Mga Layunin; (3) Kasanayan/Tungkuling Pangwika; (4) Aspektong Kultural/Historikal; (5) *Expected Lasallian Graduate Attributes*; (6) Materyales; (7) Estratehiya/Gawain; (8) Pagtataya/Ebalwasyon.

Ikalima, ebalwasyon o pagtataya. Mahalagang malaman ng mananaliksik kung ang nabuong modyul ay epektibo para sa mga guro at mag-aaral na gagamit nito. Kaya naman agad na kinuha ng mananaliksik ang kanilang opinyon at komento ukol sa nasabing modyul. Sa pagkuha ng opinyon at komento mula sa mga guro at mag-aaral, lumikha ang mananaliksik ng isang ebalwasyon na sasagutan ng mga ito. Ang ebalwasyon ay binubuo ng mga sumusunod: 1.) pag-alam kung nakamit ng mananaliksik ang kainyang layunin sa pagbuo ng modyul, 2.) pagtukoy sa kaangkupan ng mga inihandang gawain sa pag-unawa ng mga aralin, 3.) ang pagiging sapat at angkop ng paksa sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral, at 4.) ay ang pagbibigay puna at mungkahi sa modyul na nabuo.

Ikaanim, ebalwasyon ng mga mag-aaral. Ang nabuong modyul ay ipinasubok sa mga mag-aaral ng *Special Filipino Modyul 1 (Beginner's Program)* ng Baitang 7. Ginamit ang modyul ayon sa nakasaad dito. Para sa mananaliksik, mahalaga ang bahaging ito na makuha ang komento at opinyon ng mga mag-aaral na gagamit mismo ng modyul dahil sila lamang ang makakapagsabi kung epektibo o hindi ang modyul na dinibelop. Ilan sa mga komento at puna ng mga mag-aaral ay ang sumusunod;

- Mag-aaral 1: *Direction is very clear and easy to understand. It can help me introducing myself to others. activity is fun and interesting.*
- Mag-aaral 2: *For older students, it would be good to try and touch on the topics that are being covered in regular Filipino classes. More exercises could be given between assessments. Starting to learn grammar would be grateful.*
- Mag-aaral 3: *For older students you could have more "Everyday phrases" so they could have more of a conversational lesson.*
- Mag-aaral 4: *Everything is okey for me. I think, it's okey to have more exercises and I hope numbers in Filipino will be also in this module since this is module 1.*

- Mag-aaral 5: *Overall, it's a great start and has most of the information needed.*
- Mag-aaral 6: *I largely understand the instruction of the beginner's Program. The exercises are easy enough though. It's good for students with knowledge on basic Filipino as it's not too hard to understand.*
- Mag-aaral 7: *There might be more pictures needed to explain the topics in order to visualize and understand.*
- Mag-aaral 8: *It is very helpful.*
- Mag-aaral 9: *It is good because it has a lot of illustrations which is like teaching Filipino to kids.*
- Mag-aaral 10: *I think this module is really good especially for the students who transfer to this school and doesn't know how to communicate in Filipino. This book can train and enhance how the use Filipino to foreigners.*
- Mag-aaral 11: *Overall it is good.*
- Mag-aaral 12: *I think the directions are understandable and easy to follow. Use more basic Filipino words so that the learner can understand it more. All in all, I think it is good and the learner/student will surely learn more about the Filipino language.*
- Mag-aaral 13: *Composed with many types of problems such as reading comprehension, writing and vocabulary.*
- Mag-aaral 14: *This module is fun and interesting.*
- Mag-aaral 15: *Direction is very clear. Activity is interesting.*

Sa kabuoan ng ebalwasyon mula sa mga mag-aaral, masasabing katanggap-tanggap ang nilalaman ng modyul na makatutulong sa kanila tungo sa epektibong pagkatuto sa wikang Filipino bilang pangalawang wika. Ang mga paksa na inihanda ayon sa mga mag-aaral ay makatutulong sa kanilang pang-araw-araw na pakikisalamuha sa iba, ang mga inihandang gawain ay naaayon sa interes ng mga mag-aaral kaya naman mas madali ang pagkatuto ng bawat isa. Ang paggamit ng mga salita sa modyul ay naaayon sa kakayahan ng mga mag-aaral kaya naman mas madali para sa kanilang unawain at sundin ang mga gawain. Kaya naman sa huli, ang paggamit ng modyul bilang kagamitang panturo para sa mga mag-aaral ay napakahalagang gabay sa mga guro tungo sa mas epektibong pagsasalin ng kaalaman sa mga mag-aaral tungo sa pagkatuto sa wikang Filipino bilang kanilang pangalawang wika.

Ikapito, ebalwasyon ng mga guro. Ang modyul ay ipinaeabalweyt sa mga guro na nagtuturo ng *Special Filipino Program* upang matulungan ang mananaliksik na matukoy ang mga kahinaan at kalakasan ng modyul na nabuo. Malaki rin ang maitutulong nito

upang maging matagumpay ang modyul ayon sa nilalayan nito. Ang ebalwasyon ay isinagawa sa pamamagitan ng pagkuha ng profayl ng mga guro. Ang ilan sa mga katangian ng mga gurong napili na mag-eebalweyt sa nabuong modyul ng mananaliksik ay ang mga sumusunod: 1.) kinakailangan na ang guro na mag-eebalweyt ay mga guro na nagtuturo sa *Special Filipino* Modyul 1 sa Baitang 7, 2.) apat sa mga nag-eebalweyt ay mga guro at ang koordineytor sa Filipino ang panglima dito, 3.) permanenteng lahat ang mga guro na nagtuturo na sa DLSU IS na may apat hanggang sampung taon na sa nasabing paaralan, 4.) ang mga gurong nagtuturo ay sinisiguradong hasa sa paggamit ng wikang Ingles at Filipino na isa sa mga pangunahing kailangan sa pagtuturo sa Filipino bilang pangalawang wika, 5.) ang mga gurong nag-eebalweyt ay masasabing may kaalaman sa paggawa ng modyul sapagkat tuwing bakasyon ay nagkakaroon ng taunang seminar at worksyap para sa paghahanda sa susunod na taong panuruan, at 6.) ang mga guro ay sumasailalim sa *PEARL (Personal Learning) Program* bilang paghahanda sa mga guro sa makabagong paraan ng pagtuturo gamit ang iPad. Sa seminar at worksyap, matututuhan ang sumuunod: a.) kahalagahan ng bagong teknolohiya sa pagtuturo sa mga mag-aaral tungo sa epektibong pagkatuto; b.) matuklasan ang iba't ibang applications na maaaring gamitin sa pagtuturo; c.) matutuhan ang paggamit ng *iWork (keynote, numbers, pages)* at *creativity applications (imovie, garage band)*; d.) paano turuan ang mga mag-aaral na maging responsable sa paggamit ng iPad sa loob at labas ng klase at paaralan.

Ilan sa mga naging komento ng mga guro sa modyul ay ang mga sumusunod: 1.) maayos ang pagkakabuo ng layunin hanggang sa mga gawain, 2.) angkop ang mga paksa at gawain batay sa interes ng mga mag-aaral, 3.) mahusay ang pagkakasunod-sunod ng mga paksa, 4.) sapat ang mga gawain para sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Sa kabuoan ng ebalwasyon sa mga guro, masasabing maayos at malaki ang maitutulong nito sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa wikang Filipino bilang pangalawang wika. Naging malinaw ang direksiyon na tatahakin ng guro sa pagtuturo mula sa mga pangangailangan ng mag-aaral, sa mga paksang gagamitin, at mga gawain ay napapanahon at angkop sa interes ng mga mag-aaral. Maaaring malaki ang maging ambag nito sa guro at sa paaralan para sa pagtuturo ng wikang Filipino sa mga banyaga dahil detalyadong nakahanay na ang mga dapat gawin ng guro sa pagtuturo.

### **Mga Paksang Nilalaman ng Nabuong Modyul**

Mula sa mga paksang nakalap ng mananaliksik sa mga guro na nagtuturo ng Filipino sa mga dayuhang mag-aaral, masusing pinili ng mananaliksik ang mga paksa sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang sa pangangailangan ng mag-aaral. Naging gabay rin ng mananaliksik ang kurikulum ng *Language Ab Initio ng International Baccalaureate Organization*. At sa huli, ang mga paksa na lalamanin ng modyul para sa *Special Filipino*

*Program Modyul 1 ay ang sumusunod: Relasyon sa Kapuwa, Pang-araw-araw na Gawain, Mga Pagdiriwang, at Mga Pagkaing Pilipino.*

**Talahanayan 3:** Dati at Bagong Paksa para programa ng *Special Filipino* Modyul 1

Dating Paksa	Bagong Paksa	Komento
<p>I. Pantig</p> <p>A. Pagbuo ng Pantig</p> <p>B. Pagkilala ng Pantig</p> <p>C. Pagpapantig ng Salita</p> <p>D. Anyo ng Pantig</p> <p>E. Pagbuo ng Salita</p>	<p>A. Relasyon sa Kapuwa</p> <p>1. Pagpapakilala</p> <p>1.1. sarili</p> <p>1.2. pamilya</p> <p>1.3. kaibigan</p> <p>2. Mga Katulong sa Komunidad</p>	<p>Sa bahaging ito ng pag-aaral, ipakikita ang tamang paraan ng pagpapakilala kung saan para sa mananaliksik ay higit na kailangan kaysa pag-aralan agad ang pagbuo ng salita at iba pa. Kinakailangan muna nilang malaman ang wastong paraan ng pagpapakilala at pakikipag-usap na naayon sa kulturang Pilipino.</p>
<p>II. Pangungusap</p> <p>A. Bahagi</p> <p>B. Panandang Ang, Si at Sina</p> <p>C. Uri ng Pangungusap Ayon sa Gamit</p>	<p>B. Pang-araw-araw na Gawain</p> <p>1. Pagbibilang</p> <p>2. Pagsasabi ng oras, araw at buwan</p> <p>3. Pormularyong Panlipunan</p> <p>3.1. Pagbati</p> <p>3.2. Paghingi ng paumanhin</p> <p>3.3. Pagpapaalam</p> <p>3.4. Paghingi ng pahintulot</p> <p>1. Pagpara at pagbayad sa sasakyan</p>	<p>Sa bagong paksa na ibinigay, binibigyang tuon nito ang tamang paraan ng pagbigkas ng bilang, oras, araw at buwan na ipinapalagay ng mananaliksik na mahalaga sapagkat ang mga ito ay pangunahing pangangailangan ng mga mag-aaral sa araw-araw na pakikisalamuha. Dagdag pa rito, kinakailangan na marunong ang mga banyagang mag-aaral ng wastong paraan ng pagbati, paghingi ng paumanhin, at iba pang pormularyong panlipunan na magagamit nila sa loob at labas ng paaralan.</p>
<p>III. Batayang Salita</p> <p>A. Mga Tao sa Komunidad</p> <p>B. Tunog sa Paligid</p> <p>C. Mga Hayop</p> <p>D. Pagkilala ng mga Kagamitan sa Silid – aralan</p> <p>E. Mga Kulay</p> <p>F. Mga Pangalan ng Gulay</p> <p>G. Mga Pangalan ng Prutas</p> <p>H. Bahagi ng Katawan</p> <p>I. Mga Pangalan ng Araw at Buwan</p> <p>J. Bilang</p>	<p>C. Mga Pagdiriwang</p> <p>1. Kaarawan</p> <p>2. Pista</p> <p>3. Pasko at Bagong Taon</p> <p>4. Anibersaryo</p> <p>5. Araw ng Pagtatapos</p>	<p>Sa bahaging ito, nakatuon ang pagpapakilala sa kulturang Pilipino, kung paano ipinagdiriwang ng mga ang iba't ibang okasyon sa Pilipinas.</p>
<p>IV. Pagpapahayag</p> <p>A. Pagpapakilala sa Sarili</p> <p>B. Ang Aking pamilya</p> <p>C. Magagalang na Pagbati at Katawagan</p> <p>D. Magagalang na Pananalita (Paghingi ng Pahintulot o Pakiusap)</p>	<p>D. Mga Pagkaing Pilipino</p> <p>1. Pangkalahatang pagkaing Pilipino gaya ng sinigang, laing, pinakbet, adobo at iba pa.</p> <p>2. Mga Pagkain sa Laguna gaya ng puto, okoy</p>	<p>Pagkatapos makilala ng mga banyagang mag-aaral ang iba't ibang pagdiriwang sa Pilipinas, ito naman ang pagkakataon upang makilala ang mga pagkaing Pinoy. Makikilala ng mga banyagang mag-aaral ang kahiligan ng mga Pilipino sa pagluluto at sa pagkain.</p>

	3. Mga Prutas ng Laguna gaya ng lansones at rambutan 4. Pag-order ng pagkain at pagbayad.	
V. Bahagi ng Panalita A. Pangngalan B. Panghalip C. Pang – uri D. Pandiwa		
VI. Pagbasa A. Pagbibigay ng Detalye na Sumagot sa Tanong na Sino, Ano at Saan B. Paglalarawan ng Tauhan C. Paghahambing ng Tauhan D. Pagbibigay ng Sanhi at Bunga E. Pagsunod sa Panuto F. Pagkilala sa Pilipinas -Kultura/Tradisyon -Kasaysayan - <i>Festival</i> - Panitikan - Awiting Pilipino - Tula - Alamat - Mito - Epiko		

Di lamang matutuhan ng mga mga-aaral ang wika ngunit matutuklasan rin nila ang mga tradisyong Pilipino. Ang magamit ilang praktis ng Pillipino na nagpapakita ng paggalang gaya ng pagsasabi ng po at opo at ang pagmamano.

Sa unang paksa, ang “Relasyon sa Kapuwa,” nakatuon ang pag-aaral sa wastong paraan ng pagpapakilala sa sarili, sa pamilya, at sa kaibigan. Nilalayan ng paksang ito na: 1.) nakabubuo ng usapan na ang pangunahing paksain ay ang pagpapakilala; 2.) nakakapaglahad nang mahusay sa pagpapakilala nang may tiwala sa sarili (*effective communicator*); (3) nakabubuo ng diyalogo gamit ang angkop na salita para sa pagpapakilala; 4.) nagagamit ang po at opo sa nabuong diyalogo; 5.) naipakikita ang kaugaliang Pilipino, ang pagamano sa nakatatanda, at paggamit ng po at opo sa pakikipag-usap sa mga matatanda; at 6.) nakasusulat ng mga sulating nagpapakita ng pagiging mabuting mamamayang Lasalyano (*service-driven citizen*).

Sa ikalawang paksa, ang “Pang-araw-araw na Gawain,” nakatuon naman ang pag-aaral sa iba’t ibang pangyayari sa iba’t ibang pagkakataon tulad ng wastong paraan ng pagbati, paghingi ng paumanhin, pag-anyaya sa iba’t ibang okasyon at iba pa. Ito ay batay sa sumusunod na mga layunin: 1.) naisasalin sa Filipino ang bilang, oras, araw at buwan;



2.) naiaaplay ang kaalaman sa mga salin sa Filipino ng bilang, oras, araw at buwan sa paglalahad (*critical and creative thinker*); 3.) nakalilikha ng liham paanyaya gamit ang kaalaman sa mga salin sa Filipino ng bilang, oras, araw at buwan sa paglalahad (*critical and creative thinker*); at 4.) nagagamit at naiaaplay gamit ang wasto at angkop na paggamit ng mga salita bilang isang Kristiyano sa pakikipag-usap, pasalita man o pasulat (*reflective lifelong learner*).

Sa Ikatlong paksa naman, ang “Mga Pagdiriwang,” bahagi na ng kulturang Pilipino ang iba’t ibang selebrasyon mula sa iba’t ibang panig ng Pilipinas. Sa bahaging ito, tatalakayin ang iba’t ibang pagdiriwang kasama na ang paraan ng mga Pilipino kung paano ipinagdiriwang ang mga ito. Ito ay batay sa sumusunod na layunin: 1.) naiisa-isa ang mga pagdiriwang o espesyal na okasyon sa Pilipinas; 2.) natutukoy ang iba’t ibang paraan ng pagdiriwang ng mga Pilipino; 3.) Naihahambing ang paraan ng pagdiriwang sa Pilipinas sa ibang bansa; at 4.) napahahalagahan ang kulturang Pilipino (*reflective lifelong learner*).

At ang ikaapat na paksa ay ang “Mga Pagkaing Pilipino.” Tunay na ang mga Pilipino ay hindi lamang mahilig sa mga okasyon at mga pagdiriwang bagkus mahilig rin silang kumain at magluto. Nakatuon ang pag-aaral na ito sa pagsunod sa direksiyon o panuto at pananaliksik sa mga pagkaing Pilipino. Ito ay batay sa sumusunod na layunin: 1.) nakapagtatala ng mga pagkaing Pilipino na madalas inihahain sa mga hapag at sa mga espesyal na okasyon, 2.) nakalilikha ng *recipe* batay sa napiling pagkaing Pinoy (*Critical and Creative Thinker*), 3.) nakapagluluto ng isang putahe batay sa nilikhang *recipe* sa pamamagitan ng pagsunod sa panuto, 4.) naipaliliwanag ang paraan na ginawa sa pagluluto ng napiling putahe, 5.) nailalahad ang kahalagahan ng pagkaing Pilipino bilang bahagi ng kulturang Pilipino batay sa pananaliksik na isinagawa (*effective communicator*).

## **Kongklusyon**

Sa pagbuo ng isang modyul pangwika, mahalagang nakasunod ito sa mga aral at teorya sa pagtuturo ng wika. Ito ang magiging gabay kung anong dulog at estratehiya sa pagtuturo ng wika ang ipatutupad sa mga aralin nang sa gayon ay maging makabuluhan ang pag-aaral ng Filipino sa mga banyang mag-aaral.

Ikalawa, mahalagang sumailalim sa ebalwasyon ang dinesenyong modul upang matiyak ang kawastuan sa nilalaman, pedagohiya at ang kabuuang estruktra ng isang modyul pangwika. Isaalang-alang ang mga komento at obserbasyon ng mga nagsiyasat ng modyul at isanib ang mga mungkahing rebisyon.

Ikatlo, hindi isinantabi ang kahalagan ng pagtuturo ng gramatika, ngunit higit

na binigyang pansin sa pagtuturo ng Filipino sa mga banyagang mag-aaral ang paglinang ng mga kakayahang pangkomunikatibo, ang “natututo habang ginagawa”. At mahagala pa rin na maging kawili-wili at awtentikong ang mga gawain nang sa gayin ay tunay na nakauugnay ang mga mag-aaral sa aralin. Mahihikayat silang aralin ang Filipino sapagkat nakikita nila ang praktikal na gamit nito.

Dagdag pa rito, isa-isang sinagot ng mananaliksik ang mga suliraning kinakaharap ng *Special Filipino Beginner's Program* upang sa gayon ay makalikha ng isang kapaki-pakinabang na modyul na magiging tulay sa epektibong pagkatuto ng mga mag-aaral.

1. Paano ang pagbuo ng modyul para sa *Special Filipino Modyul 1 (Beginners' Program)* batay sa *Languange Ab Initio ng International Baccalaureate Organization (IB)*?

Matapos ang napakaraming panahon ng pananaliksik, napagtanto ng mananaliksik ang mga hakbang na dapat isagawa sa pagbuo ng modyul. Ito ay ang sumusunod: 1.) pag-alam sa pangangailangan ng mga mag-aaral, 2.) pagkilala sa mga target na gagamit ng modyul, 3.) pagtukoy sa modelo sa pagbuo ng modyul, 4.) pagsulat ng modyul, at 5.) ang pagtataya.

2. Gaano kahalaga ang modyul sa pagtuturo ng Filipino bilang pangalawang wika sa mga banyaga?

Ang pagbuo ng modyul para sa *Special Filipino Modyul 1 Beginner's Program* ay isang paraan upang mapaunlad ang programa sa pagtuturo ng wikang Filipino sa mga banyagang mag-aaral. Dagdag pa rito, maituturing itong isang mahalagang ambag sa pagpapayaman sa materyales na panturo na gagamitin ng mga guro sa pagpapaunlad ng programa ng *Special Filipino Beginners' Program* ng DLSU IS. Ang nasabing modyul ay maaari ring maging sanggunian o gabay ng ibang institusyon na naglalayong maisaayos ang kanilang programa sa pagtuturo ng wikang Filipino bilang pangalawang wika.

3. Ano ang mga tema at paksang dapat lamanin ng modyul para sa *Beginners' Program*?

Sa pag-aaral ng mananaliksik sa pagbuo ng modyul, natuklasan na mahalagang unahing isaalang-alang ang pangangailangan ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng wikang Filipino bilang pangalawang wika. Mainam na ituro ang mga pangunahing pangangailangan ng mga banyagang mag-aaral at ito ay ang pakikipag-usap at

pakikisalamuha sa pang-araw-araw sa mga taong nakapaligid sa kanila na ang pangunahing lahi ay Pilipino na nagsasalita ng wikang Filipino. Ito ang pinagtuunan ng pansin ng mag-aaral kaysa unahin ang gramatika sa pag-aaral ng mga banyagang mag-aaral. Lalong pinagtibay ang ganitong paniniwala nang malaman ng mananaliksik ang isang organisasyon na bumubuo ng kurikulum sa English, French, at Spanish bilang pangalawang wika. Ang *Language Ab Initio ng International Baccalaureate Organization* (IB) ang naging sanggunian ng mananaliksik sa pagbuo ng mga paksa. Mula sa dating mga paksa na ginagamit ng mananaliksik at sa mga paksang ginagamit ng *Language Ab Intio* nakabuo ang mananaliksik ng bago at ito ay ang sumusunod: 1.) Relasyon sa Kapwa, 2.) Pang-araw-araw na Gawain, 3.) Mga Pagdiriwang, at 4.) Mga Pagkaing Pilipino.

### **Rekomendasyon**

Pagkatapos na maisagawa ang pananaliksik na ito, nabuo ang ilang mga mungkahing batay sa mga nabatid ng mananaliksik;

Una, iminumungkahing magsagawa rin ng pag-aaral upang makadebelop ng modyul para sa *Special Filipino Modyul 2 Enhancement Program*. Mainam na magkaroon ng pangalawang modyul na magpapatuloy sa pagkatuto ng mga mag-aaral at makapaghahatid ng bungkos na kaalaman at kabatiran sa mga mag-aaral na kumukuha ng asignaturang Filipino bilang pangalawang wika.

Ikalawa, nararapat sipatin ng mga susunod na mananaliksik ang iba't ibang pagdulog sa pagtuturo ng Filipino bilang pangalawang wika partikular na ang paggamit ng teknolohiya upang mas malong maging mabisa at epektibo ang pagsasalin ng kaalaman sa mga mag-aaral.

At ang panghuli, iminumungkahing palawigin pa ang pag-aaral sa pamamagitan ng pagsasangkot sa mga administrador ng paaralan. Mainam na marinig din ang kanilang mga pahayag, pagtataya, at saloobin tungkol sa binuong modyul. Naniniwala ang mananaliksik na magiging komprehensibo at lubos na may sustansiya ang bagong kaalaman sa datos na makakalap.

## MGA SANGGUNIAN

- Barrios, Joi. *Tagalog for Beginners: An Introduction to Filipino, The National Language of the Philippines*. Singapore: Tuttle Publishing, 2011. Print.
- Belvez, Paz M. *Learn Filipino the Easy Way*. Quezon City. Rex Printing Company Inc.1999. Print.
- Bowen, J. Donald. *Beginning Tagalog*. University of California Press. 1969. Print
- Brumfit, Christopher and Johnson K. *Communication Approach to Language Teaching*. Oxford University Press. 1985.
- Canale, Michael and Merrill Swain. *Theoretical Bases of Communicative Approaches to Second Language and Testing Applied Linguistic* 1:1-47,1980
- Cunningsworth, Alan. *Evaluating and Selecting EFL Teaching Materials*. London: Heinemann Educational Books, 1984.
- Domingo, Francesca. *Isang Mungkahing Workbuk Para sa Banaag at Sikat ni Lope K. Santos Para sa Mataas na Paaralan*. Unpublished Thesis. De La Salle University.1998.
- Dubin, Fraida at Elite Olshtain. *Course Design Developing Programs and Materials for Languages Learning*. New York: Cambridge University Press,1986.
- Elloso, Raymunda, O. *Development of Genre-Based Syllabus for Business Correspondence for Computer Students of STI College*. Masteral Thesis. De La Salle University, Manila. 2000.
- Krashen, Stephen D. *Principles and Practice in Second Language Acquisition*. Prentice-Hall International, 1987.
- Krashen, Stephen D. *Second Language Acquisition and Second Language Learning*. Prentice-Hall International, 1988.
- Littlewood, William. *Foreign and Second Language Learning*. Cambridge University Press.1984.
- Miranda, Lourdes L. *Development ng Silabus sa Panimulang Antas ng Filipino para sa mga Dayuhang Mag-aaral ng Haiskul sa St. Benedict College, Alabang*. Masteral Thesis. Dela Salle University, Manila. 2002.
- Orara, Maria Ainyle Ephraimee. *Development ng Kurikulum sa Websayt Gamit ang mga Piling Awiting Filipino sa Pagtuturo ng Filipino bilang Pangalawang Wika*. Doctoral Dissertation. De La Salle University.2011.
- Perdon, Renato. *Learning and Speaking Filipino*. The Manila Prints.2008
- Ramos, Teresita V. *Conversational Tagalog: A Functional-Situational Approach*. Manila: Merriam & Webster Bookstore, Inc. 1989. Print
- Richards, J.C. Beyond Methods: Alternative Approaches to Instructional Design in Language Teachings. *Prospect* 3(1):11-30.1987.
- Schutz, Ricardo E. *Stephen Krashen's Theory of Second Language Acquisition*. English Made in Brazil, October 2019, <https://www.sk.com.br/sk-krash-english.html>
- Ortiz, Marrianne C. Language Registers of Camareros of Makati City - Ejournal.ph. *Malay Journal*, June 2021, [ejournals.ph/article.php?id=16472](http://ejournals.ph/article.php?id=16472).
- Valerio, Angelo D. *Tagalog: A Complete Course for Beginners*. Ramdom House, Inc. 2007. Print
- Villanueva, Antonia F. et.al. *Ang Aklat ng Guro*. Bede Publishing House.1979.
- Widdowson, Henry. *Aspects of Syllabus Design*. In Tickoo, M9ed.) Language syllabuses: Stae of the Art. (pp.65-88) SEAMEO-RELC.1987.

Wilkins, David Arthur. *Second Language Learning and Teaching*. London: Edward Arnold Pub.1975.

Wilkins, David Arthur. *Linguistics in Language Teaching*. London: Edward Arnold Pub.1974.

Wilkins, L. *Instructional Techniques and Practices*. Stanley Thermos L.T.D. 1982.

## **TUNGKOL SA AWTOR**

Si **Princess Gissel Dionela-Servo** ay nakapagtapos ng Bachelor of Secondary Education major in Filipino sa Laguna College at ng Master sa Araling Filipino – Wika, Kultura, at Midya sa Pamantasang De La Salle. Sa kasalukuyan, kinukuha niya ang kanyang doktorado sa Pilosopiya sa Araling Filipino – Wika, Kultura, at Midya sa Pamantasang De La Salle. Labing -anim na taon na siyang nagtuturo ng Filipino sa sekondarya sa De La Salle University Integrated School bilang full time na guro. Miyembro ng Sanggunian sa Filipino (SANGFIL).